

Ladies Prayer International Newsletter



United Pentecostal Church Intl

Hulyo 2020



Bisitahin ang [Ladies Prayer International](#) on Facebook at i- "like" ang aming page!

Tawag Sa Panalangin

Ni Jerolyn Kelley



May mga bansang maari mong puntahan na may regular na "Tawag sa Panalangin". Karamihan, limang beses sa isang araw. Sa tuwing bibisita ako sa mga bansang ito, mahigit sa isang beses nagigising ako sa gabi dahil naririnig ko ang tawag sa panalangin nila. Sa tuwing naririnig ko ang pananawagan na ito, nahahamon ako sa aking espiritu. Tapat ba ako sa aking pananampalataya? Hand ba akong gumising sa gabi upang magdasal? Meron ba akong nilalaan na oras para manalangin sa araw-araw?

Masasabi ko na dahil sa coronavirus pandemic, mas marami tayong oras upang manalangin. Ang aking iskidyul ay umiikot sa pagdarasal kasama ang iba anim na beses kada linggo at iba pang oras laan para manalangin na mag-isa. Naniniwala ako na ang mga anak ng Panginoon ay nasa oras na walang kaparehas na nagbubukas ng maraming pintuan para sa pagdarasal. Nakakamanghang maging parte sa panambahan ng Diyos sa mga oras na ito.

Ang isinisigaw ng puso ko ay makita ang mga tao na magdasal hindi lamang para sa sarili nila. Dahil napakadaling manalangin para sa ating mga sariling pangagailangan at para sa ating sariling simbahan, at kahit na sa ating sariling siyudad. Subalit, ang tanong ko, gaano natin pinapanalangin ang buong mundo? Ang mga bansa? Ang mga grupo ng tao? Ang mga nangyayaring sakuna sa ibang bansa? Ang mga bata sa buong mundo?

Kagaya ko, sa tingin ko madalas sa atin ang sagot ay "Hindi madalas." Sa mga nakaraang taon, hinahamon ako ng ating Panginoon araw-araw na manalangin hindi lamang para sa aking sarili. Oo, ang pangangailangan ng ating pamilya, simbahan at siyudad ay napaimportante. Ngunit, kaya pa ng aking panalangin na mas malayo pa ang marating.

Kailangan alam ko, at paniwalaan ko na kayang baguhin ng aking panalangin ang mga bansa. Hindi ito pagmamayabang, sa halip, ito ay dahil nagtitieala ako sa Panginoon. Kailangan nating lahat na paniwalaan at pagkatiwalaan na kaya tayong gamitin ng Panginoon upang epektuhan

ang ating mga bansa. Lalo na siguro kung ang gagamitin Niya ay isang grupo na naka-pokus ang dasal higit pa sa kanilang sariling pangagailangan?

Ang pandemyang ito ay nagbukas ng maraming oportunidad para maging mga misyonero sa panalangin ang mga tao. Sa United Kingdom, ang mga kababaihan ay mayroong pagtitipon sa Zoom kada-Huwebes, 7.00 a.m upang ipagdasal ang iba't-ibang bansa. Bawat babae ay pumipili ng sampung bansa upang kanilang ipagdasal. Kada linggo, pini-presenta ng isang babae ang kanilang mga bansa at ang buong grupo ay nakapokus sa pagdadasal para sa bansang iyon.

Ganoon din ang napakagandang pagtitipon ng mga bata kada-Sabado ng umaga sa Zoom upang magdasal. Napakagandang tignan ng mga bata na hawak-hawak nila ang mga watawat ng iba't-ibang bansa upang ipagdasal ito. Napakadaling sanayin ang mga bata kaysa ayusin ang matanda na. Mas mainam na sa murang edad nila, maturuan na silang magdasal.

Kelangan parati nating ipanalangin yung mga walang nananalangin para sa kanila, kabilang na dito ang maraming mga bata sa mundo. Importante din na humingi tayo ng tawad para sa mga hindi naalintana na kailangan nilang humingi ng tawad. Ang kaparaanang ito ay totoong pagmamahal at kung ano ang totoong ibig sabihin ng pamamagitan sa panalangin. Pinagdadasal ko ba yung mga hindi nakakakilala sa akin at hindi ako mapapasalamat? O, pinagdadasal ko lang yung mga kakilala ko at kaya akong pasalamat?

Ayaw kong maging isa sa mga nagkasala na sinabi sa Ezekiel 22:30 noong wala ni isa ang “pumapagitna”. Kailangan alam ko at naniniwala ako na ang aking mga panalangin ay makakapagpabago – sa mga malalapit sa akin at sa mga malalayo na maaring hindi ko makilala dito sa mundo.

Ang TAWAG SA PANALANGIN ay mas lumalago pa ngayon kumpara noon! Mananalangin ka ba ng mas higit pa sa mga pansarili mong pangagailangan at maging misyonero sa panalagin? Gusto mo bang sanayin ang mga susunod na henerasyon na gawin din ito?

Note: Gustung-gusto ni Jerolyn Kelley na gawin ang gawaing misyonero sa Hilagang Europa. Nakatira siya sa Glasgow, Scotland, at salamat sa Diyos sa kanyang mabuting asawa, mga anak, at mga apo.

Tinatawag Tayo ng Panginoon upang Manalangin

Ni Carla Burton



Ayaw na ayaw kong ikompara ang sarili ko sa iba; tinuro sa atin sa Bibliya na hindi magandang gawin ito. Ngunit, naniniwala ako na puwede tayong matuto mula sa iba. Natuto ako ng mga prinsipyo sa pamumuno sa mga tao kahit hindi ako sumasang-ayon sa kanilang doktrina. Dahil dito, ang nais kong iparating sa inyo ngayon ay tungkol sa tawag sa panalangin para sa mga Kristiyano.

Ang relihiyon na Islam ay may pangunahing pamagat na tinatawag na adhan, ito ay isang tawag sa panalangin. Limang beses, oo, tama ang narinig niyo, limang beses sa isang araw- ang muadhan ay magsasalita sa loudspeaker upang ideklara na oras na upang manalagin at magsisimulang bigkasin ang tawag sa panalangin. Naririnig ito sa buong siyudad, at lahat ng Muslim ay titigil sa kanilang mga ginagawa, ilalatag ang kanilang prayer mat sa lupa habang nakaharap sa Mecca, at manalangin kasabay ng muadhan.

Napaisip ako kung ilang Kristiyano ang naglalaan ng oras upang marinig ang tawag ng Diyos sa panalangin. Kase alam natin, wala tayong rason upang hindi tayo manalangin. Hindi natin kailangang tawagin pa ng iba bago manalangin- tinatawag tayo ng Diyos araw-araw upang

manalangin. Sinabi sa atin ng 1 Pedro 3:12, "Sapagka't ang mga mata ng Panginoon ay nasa mga matuwid, At ang kaniyang mga pakinig ay sa kanilang mga daing." Hindi nagbibigay ng eksaktong oras ang Panginoon kung kalian tayo dapat manalangin. Palagi Siyang bukas sa panalangin ng mga matuwid. Palagi Niya tayong tinatawag upang manalangin, sa bawat sandali araw-araw.

Sabi sa Pahayag 3:20 na ang Panginoon ay palaging nakatayo at kumakatok sa pintuan. "Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko." Hindi katulad ng mga Muslim na naghihintay ng pananawagan ng muadhan upang lumuhod at manalangin, ang Panginoon ay palaging tumatawag sa atin na maglaan ng oras kasama Siya sa pamamagitan ng panalangin. Nakatayo Siya sa labas ng ating pintuan, naghihintay kung kalian natin ito bubuksan at Siya ay papasukin.

Hind problema ang pagtawag upang manalangin, ang problema ay dahil sa kabingihan ng mga nakakarinig. Ang ating laman, katamaran, at mga gambala ay nakakahadlang sa ating mga pandinig kaya hindi natin naririnig ang tawag kaya't hindi tayo nakakatugon ditto. Naging bingi tayo sa boses ng ating Tagapagligtas na tumatawag sa atin upang tumayo at manalangin. Kailangan mag-ingat tayo na hindi magaya sa mga alagad noong nasa Harden ng Gethsemane. Tinawag sila ni Kristo upanag magbantay at manalangin kasama Siya ng tatlong beses. Pinagsibihan pa Niya ang mga ito sa dahilan kung bakit hindi nila nagawa sa Marcos 14:38, "Kayo'y mangagpuyat at masipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso: ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa't mahina ang laman." Nanalangin si Hesus ng wala sila. Hindi dahil walang tawag ng panalangin, kung hindi dahil walang nakinig.

Hinihikayat ko kayo na buksan ninyo ang inyong mga tenga at dinggin ang tawag sa panalangin. Tumugon sa tawag na ito ngayon at manalangin. May kapangyarihan ang pagtugon natin sa tawag na ito. Maitataas natin ang ating mga kabigatan kapag tayo ay nakinig sa tawag. Ang ating mga puso ay magbabago kapag narinig natin ang Kanyang boses. Ngayon, ang tawag ay nagpapatuloy. And tanong, "Tutugon ka ba?"

Note: Si Carla Burton ay isang anak ng misyonero noong ang kanyang mga magulang ay naging misyonero sa Pilipinas noong siya ay siyam na taong gulang. Nakatapos siya sa Jackson College of Ministries ng Bachelors Degree sa Musika. Habang siya ay nandoon, nakilala niya ang kanyang asawa na si, J. Kurtis Burton, at naging pastors sila ng The Turning Point Church sa Madison (North Nashville), TN. Nakapagsulat na si Carla ng ilang libro at isa rin siyang lisensyadong ministro sa UPC. Ang kanyang totoong hangarin ay makita kung paano baguhin ng Bibliya ang buhay ng mga tao. Dahil sa hangaring ito, ginawa niya ang ministry na "A Passion Approach".

Hesus, ang Manunulat

Ni Karen Gordon Hemmes



Sino ba ang ayaw ng magandang kuwento ng pag-iibigan? Ang pinakamagandang kuwento- para sa akin- ay mayroong magandang dalaga, matapang na bayani at kontrabida. Ano ang nakakapag-paganda ng kuwento? Ang pagsubok na pagdadaan ng mga karakter sa kuwento. Kung walang pag-aaway, walang kuwento. Hinahayaan ng manunulat na lumaban ang bawat karakter sa lahat ng hirap na kanilang dadanasin, dahil mayroong magandang katapusan ang darating. Bahagi ito lahat ng kuwento.

"Ituon natin ang ating paningin kay Hesus na siyang pinagmulan at kabuuan ng ating pananampalataya. Dahil sa kagalakang naghihintay sa kanya, hindi niya ikinahiya ang mamatay sa krus, at siya ngayo'y nakaupo sa kanan ng trono ng Diyos." (Mga Hebreo 12:2)

Si Hesus ang manunulat ng kuwento ng ating buhay. Masinsinan Niya itong sinulat mula sa ating kapanganakan hanggang sa ating kamatayan- kasama ang mga paglalakbay at pagsubok sa buhay. Naghahangad tayo ng "perpektong" buhay, nakakabagot siguro ang kuwentong iyon! Sa halip, napakagulo ng totoong buhay hindi gaya sa pinapangarap natin. Nagkakasakit tayo, namamatayan, nauubusan ng pera at minsan nawawalan ng pag-asa. Madalas, natatanong natin paano hinayaan ng isang mapagmahal na Diyos na pagdaanan natin ang lahat ng pagsubok na ito?

Siguro nagtaka din si Joseph. Ngunit, ang Panginoon ang nagsulat ng kuwento ng buhay ni Joseph, kaya tayong mga nagbabasa, nakikita natin kung paano ito binuo ng Panginoon. Ibinenta si Joseph bilang alipin para siya ay mapagbintangan at makulong, kung saan makakakilala siya ng tao na magpapakilala sa kanya kay Pharaoh. Kung hindi niya naranasan lahat ng iyon, hindi niya maililigtas ang kanyang pamilya. Panginoon, ang Manunulat, ang nakakaalam ng mga mangyayari.

Hinayaan ng Panginoon ang mahihirap na pagsubok na pinagdaanan ng mga babae sa Bibliya, upang sa huli lahat ng papuri ay sa Kanya lamang:

- Ang biyuda ng anak ni Nain ay kailangang mamatay upang mabuhay siyang muli ni Hesus.
- Ang biyuda na malapit ng maubusan ng harina, upang maranasan niya ang milagro ng pagkakaloob ng Panginoon.
- Kailangang dumating ang tag-gutom, at ang asawa ni Ruth ay kailangang mamatay, upang maging ninuno siya ni Hesus.

Kung nahihirapan na tayo sa ating buhay, bakit hindi natin yakapin ang Kanyang plano? Mas magandang magtiwala tayo na ang ating mapagmahal na "Manunulat" ay Siya rin ang "Magtatapos" ng kuwento ng ating pananampalataya. Bakit hindi ka manalangin ng kapayaan s agitna ng bagyo, dahil alam mong nasa tabi mol ang Siya? Kase pati Siya, namuhay Siya sa sarili Niyang kuwento bilang tao, at ang Kanyang buhay dito sa mundo ay puno ng pagsubok.

"Siya'y hinamak at itinakwil ng mga tao; isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman." (Isaias 53:3)

Tandaan mo, na kung walang kamatayan, walang pagkabuhay muli. Kung walang kadiliman, walang silbi ang liwanag. Ang pagsubok ang nagbibigay ng pagpapala. Kung magtitiwala tayo sa Manunulat, alam natin na kahit ano man ang mangyari mula sa ating "once upon a time" at "happily ever after", ay magiging magandang kuwento na magbibigay kapurihan sa Manunulat ng lahat.

Note: Si Karen Gordon Hemmes ay ikatlong kapatid na babae ng anim na mang-aawit na ang Gordon Sisters, Sister #3 of the six singing Gordon Sisters, Lola ng pitong apo at mahilig magbasa. Siya ay nagsisimba sa Vertical Church in Aurora, CO, na ang pasto ay si Robert L Mitchell.

Mula sa editor

Ang Diyos ay gumagawa ng mga makapangyarihang bagay!



Ang Diyos ay nagbubukas ng maraming pinto at ang newsletter na ito ay magagamit na ngayon sa Ingles, Espanyol, Pranses, Aleman, Olandes, Portuges, Ruso, Griyego, Arabo, Czech / Slovak, Tsino, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian, Italyano, Norwegian, Polish, Hindi, Georgian, Japanese, Swedish, Vietnamese, Thai, Korean at Hebrew
Mangyaring tulungan kaming manalangin para sa mga tagasalin ng Serbian, Farsi!

Kung nais mong makatanggap ng alinman sa mga salin sa itaas mangyaring ipaalam ang interes sa LadiesPrayerInternational@aol.com at kami ay nalulugod na idagdag ka sa aming mailing list!

[Bisitahin ang Ladies Prayer International sa Facebook at i-"like" ang aming page!](#)



Dear Prayer Team Leader, Pakibisita ang Ladies Prayer International sa Facebook at i-"Like" ang aming page!! [Facebook Ladies Prayer International Link](#)

At mangyaring imbitahin din ang inyong grupo na mag-subscribe sa LIBRENG newsletter na ito.
sa: <http://www.ladiesministries.com/programs/ladies-prayer-intl>
o i-email ang request niyo sa: LadiesPrayerInternational@aol.com

Pakibahagi ang impormasyong ito sa iyong simbahan, mga kaibigan at pamilya. Salamat sa pagiging isang bahagi ng maunlad na ministeryo ng panalangin at sa pagtulong sa amin na ipalaganap ang salita tungkol sa LIBRENG newsletter at page sa Facebook!